**ASIAN HEALTH SERVICES**
101 8TH STREET, SUITE 100
OAKLAND, CA 94607

NON-PROFIT
ORG. US
POSTAGE PAID
OAKLAND, CA
PERMIT NO.
3630

# MENSAHE NG CEO at Presidente 2024

Ito ay isang makasaysayang taon para sa Asian Health Services (AHS) habang ipinagdiriwang namin ang aming 50 taon ng serbisyo at adbokasiya. Ang nakalipas na limang dekada ay punong-puno ng di malilimutang sandali, mula sa mga hamon tulad ng pandemya hanggang sa mga tagumpay at mga nagawa tulad ng Affordable Care Act at pagpapalawak ng aming klinika sa mga serbisyong medikal, dental, at behavioral health. Sa lahat ng ito, palaging nakasentro ang AHS sa aming mga pasyente at komunidad. Habang tinitingnan namin ang susunod pang 50 taon, napakaswerte namin na magkaroon ng isang kahanga-hangang team ng mahigit sa 500 provider at kawani, pati na rin ng mga dedikadong miyembro ng board at tagasuporta ng komunidad.

Ang 2024 ay isang mahalagang taon tukuyin ang ating kinabukasan. Hinihikayat namin ang lahat ng kuwalipikadong botante na bumoto dahil napakarami ang nakataya. Bumoto para sa inyong sarili, sa inyong pamilya, at sa kalusugan at kapakanan ng inyong komunidad.

Bumoto para sa inyong sarili, sa inyong pamilya, at sa kalusugan at kapakanan ng inyong komunidad. Isang mahalagang isyu sa balota ay ang Prop 35, na maglalaan ng pondo upang matulungan ang mga ospital, klinika (tulad ng AHS), at opisina ng mga doktor na manatiling bukas at suportahan ang pangangalaga para sa 15 milyong taga-Caligornia na nasa Medi-Cal.

Sisiguraduhin nito ang mahalagang pondo para palawakin ang access sa pangangalagang pangkalusugan nang hindi tinataasan ang inyong buwis. Hinihikayat namin kayong bumoto ng oo sa Prop 35 ngayong Nobyembre para sa isang mas malusog na California. Marami pang ibang isyu sa balotang ito. Mahalaga rin na piliin ang ating mga susunod na mga pinuno sa lokal, estado, at pambansang antas. Magbabahagi kami ng gabay ng botante sa iba't ibang wika upang mabigyan kayo ng karagdagang impormasyon upang ipaalam ang inyong boto. Anuman ang desisyon ninyo sa pagboto, siguraduhing bumoto kayo!

Muli rin naming pinapatawag ang aming pangkalahatang pulong ng pasyente sa ika-30 ng Oktubre sa Oakland!

Ang mahalagang townhall na ito ay nagpapahintulot sa AHS na makipag-ugnayan sa aming mga pasyente, ibahagi sa inyo kung ano ang aming ginagawa, at direktang makinig mula sa inyo. Sa pangkalahatang pulong, ibabahagi namin ang ilang kapana-panabik na balita tungkol sa aming mga paparating na pagpapalawak. Mangyaring tingnan ang karagdagang impormasyon kung paano kayo makakalahok sa aming pangkalahatang pulong.

Ikinararangal naming mapaglingkuran ang komunidad na ito sa nakalipas na 50 taon, at inaasahan namin ang patuloy na paglilingkod sa darating pang maraming taon. Maraming salamat sa pagtitiwala ninyo sa amin sa pangangalaga sa inyong kalusugan, at sa marami pang iba.




Julia Liou, **CEO**



Thu Quach, **President**

## Survey Ng Pasyente Pagkatapos Ng Pagbisita

Ang AHS ay naglunsad ng "Patient Post Visit Survey"! Ang survey na ito ay binubuo ng anim na maiikling tanong na idinisenyo upang makuha ang iyong mga agarang impression at karanasan sa iyong pagbisita. Ang iyong feedback ay napakahalaga sa pagtulong sa amin na mapabuti ang aming mga serbisyo at magbigay ng pinakamahusay na pangangalaga na posible. Mangyaring maglaan ng ilang sandali upang kumpletuhin ang survey bago ka umalis.



ASIAN HEALTH SERVICES

**After Visit feedback**

Site: ______
Date of Visit: ______

| | Poor | Fair | Good | Great |
|---|---|---|---|---|
| 1. Please rate your overall satisfaction with your visit today. | 1 | 2 | 3 | 4 |
| Please share any comments about your visit – was there anything that we did well or could improve? | | | | |

# FALL 2024 NEWSLETTER

Nakatuon ang Asian Health Services ACCESS sa pagtataguyod ng komprehensibong kagalingan sa pamamagitan ng aktibong pakikibahagi sa pag-abot sa komunidad at mga kampanya ng media. Nagbibigay din kami ng mga konsultasyon sa kalusugan ng pag-iisip sa 510-735-3939. Ang aming panlahatang pamamaraang pangkalusugan ay nagbibigay-diin sa mahalagang pagkakaugnay ng pangangalaga sa sarili, mga relasyon, at kalusugan ng pag-iisip, na kinikilala na ang tatlong elementong ito ay mahalaga para sa pangkalahatang kagalingan.




**Nasa ibaba ang lahat ng impormasyon:**

Paglalarawan sa AHS ACCESS, mga link sa video sa YouTube, at ang Link tree.

Mangyaring ipaalam sa amin kung ikaw ay may anumang kailangan pa sa amin

Linktree: linktr.ee/ahsaccess

I-scan the QR code sa ibaba upang makakuha ng access sa 2 sa aming mga kapaki-pakinabang na video (sa English, Mandarin, Cantonese, Vietnamese)

1. **Self-care Pangangalaga sa sarili:** *Paraan ng Pagpapaginhawa sa sarili – Teknik ng Kapanatagan*
2. **Mga relasyon:** *Pagtingin sa lipunan sa ibang pananaw*
3. **Kalusugan ng Pag-iisip:** *Mga palatandaan ng babala ng mga pangangailangan sa Kalusugan ng Pag-iisip*

SCAN ME





# 2024 Flu Shot Clinics



Tumawag sa 510-986-6828 para gumawa ng appointment o i-scan ang QR code

Lokasyon at Oras ng Adult Flu Shot Clinic *

**Hindi bababa sa 19 taong gulang at hindi buntis.**
mangyaring dalhin ang iyong membership card at photo ID.

**Frank Kiang Medical Center** (QR code #1)
250 E 18th Street, Oakland, CA
10/12/24 & 11/16/24 (Sabado: 9AM-1PM)

**Rolland & Kathryn Lowe Medical Center** (QR code #2)
835 Webster Street, Oakland, CA
10/19/24 & 11/2/24 (Sabado: 9AM-1PM)

**Chenming & Margaret Hu Medical Center** (QR code #3)
818 Webster Street, 3rd Floor, Oakland, CA
12/07/24 (Sabado: 9AM-1PM)

**Asian Resource Center**
317 9th Street, Suite 101, Oakland, CA
12/10/24 & 12/17/24 (Martes: 9AM-12PM)

SCAN ME #1

SCAN ME #2

SCAN ME #3

Lokasyon at Oras ng Pediatric Flu Shot Clinic*

**Bukas LAMANG sa kasalukuyang mga pasyente ng Asian Health Services** na 6 na buwan – 18 taong gulang. Ang pasyente ay dapat na may kasamang magulang/legal na tagapag-alaga. Mangyaring magdala ng AHS membership card at insurance card ng bata.

**Chenming & Margaret Hu Medical Center** (QR code #A)
818 Webster Street, 3rd Floor, Oakland, CA
10/26/2024 & 11/09/2024, 12/07/2024
(Sabado: 9AM-1PM)

SCAN ME #A

**Ang mga pasyente na may alinman sa mga sumusunod na sintomas ay hinihiling na kumunsulta sa kanilang doktor BAGO makakuha ng bakuna laban sa trangkaso:**

*Lagnat /panginginig, ubo, sakit sa lalamunan, hirap sa pahinga, bagong pananakit ng kalamnan sa buong katawan, bagong pagkawala ng lasa /amoy, pagsisikip o runny nose, pagduduwal /pagsusuka, pagtatae.*



Ang petsa/oras ng klinika ay maaaring makansela batay sa pagkakaroon ng bakuna laban sa trangkaso. Salamat po

## Pagprotekta sa Pagkapribado ng Pasyente

Ang pagprotekta sa iyong personal na impormasyon sa kalusugan, tulad ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at numero ng telepono, ay mahalaga sa amin sa Asian Health Services! Sa panahon ng iyong pagbisita, maaaring hilingin sa iyo na kumpirmahin ang iyong personal na impormasyon (tulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, numero ng telepono) ng iba't ibang kawani na nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Ito ay pinakamahusay na kasanayan upang maprotektahan ang iyong pagkapribado at matiyak na ang tamang tao ang tumatanggap ng dokumento (tulad ng sulat, laboratoryo, referral, resulta ng lab, atbp). Bagama't paulit-ulit itong tanungin nang maraming beses, mangyaring malaman na ginagawa ito upang protektahan ang iyong pagkapribado sa pamamagitan ng pagtiyak na ibinabahagi lang namin ang iyong personal na impormasyon sa iyo.

## Magsanay gamit ang iyong smartphone:

Sa pamamagitan ng AHS Technology Cohorts, matututunan mo ang mga pangunahing function ng smartphone upang makatulong na mapabuti ang iyong pang-araw-araw na buhay at karanasan sa pangangalaga sa kalusugan, tulad ng pagkonekta sa Wi-Fi, pagdaragdag ng mga contact, paggamit ng google translate, at higit pa! **Mag-sign up para sa susunod na pangkat sa (510)-735-3222**

## Maging handa para sa anumang sakuna!

***Sa ilang madaling hakbang lang, masisiguro mong ligtas ka at ang iyong mga mahal sa buhay sakaling magkaroon ng emerhensiya.***

1. **Mag-sign up para sa mga alerto sa sakuna:** Pumunta sa CalAlerts.org upang makatanggap ng mga update / I-download ang MyShake app / Tumawag o mag-text sa 211 para sa mga ruta ng paglikas at mga mga kanlungang pang-emerhensiya
2. **Gumawa ng plano!** Gumawa ng listahan ng kontak (pamilya, kaibigan, atbp.), lokal na direktoryo ng mapagkukunan (kagawaran ng bumbero, pulisya, kuryente, gas, atbp), at planuhin ang iyong ruta ng paglikas.
3. **Mag-impake ng GO BAG** ng mga bagay na kakailanganin mo kung kailangan mong mabilis na lumikas sa iyong tahanan.
4. **Gumawa ng STAY BOX** kung kailangan mong manatili sa iyong tahanan nang walang kuryente o tubig.
5. **Tulungan ang iba** na maging handa sa pamamagitan ng pagsisimula ng mga pag-uusap sa mga tao sa iyong kapitbahayan.

(Manyaring i-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon)





SCAN ME

**Gumawa ng mga hakbang upang manatiling ligtas sa panahon ng matinding init:**

Manatiling hydrated, gumamit ng sunscreen at manatili sa lilim, magsuot ng maluwag at manipis na damit, iwasang mag-ehersisyo sa pinakamainit na oras, manatili sa malalamig na lugar, ingatan ang mga taong nasa edad 65+, ang init ay lalong mapanganib para sa kanila

(Go to *ListosCalifornia.org/resources* for more tips on staying cool)

## MyChart Patient Portal




Noong Nobyembre 2023, inilunsad ng Asian Health Services ang portal ng pasyente na MyChart, na nakatanggap ng positibong feedback mula sa aming mga pasyente. Nagbibigay ito sa iyo ng online na access sa iyong medikal na record, tulad ng paghiling ng mga hindi agarang appointment, tingnan ang mga resulta ng pagsusuri o mag-refill ng mga medikasyon. Ito ay maginhawa, madaling i-navigate at binibigyan ka ng kontrol sa iyong journey sa healthcare.

**Kung hindi ka pa nakakapag-sign up, narito kung paano magsimula:**

- Kung bago ka sa MyChart, humingi lang ng activation code sa isa sa aming mga staff sa susunod mong pagbisita sa klinika. Bilang kahalili, maaari kang mag-sign up online gamit ang iyong email address.
- Kapag nakuha mo na ang iyong activation code, bisitahin ang website ng MyChart o i-download ang app para gawin ang iyong account. Sundin ang mga prompt para ilagay ang iyong activation code at kumpletuhin ang proseso ng pagpaparehistro.
- Ngayon ay handa ka nang tuklasin ang lahat ng maiaalok ng MyChart!

I-pamilyar ang iyong sarili sa mga feature at kakayahan nito para gumawa ng maagap na paraan sa pamamahala sa iyong kalusugan at manatiling konektado sa iyong healthcare team. Simulan ang pagtuklas sa MyChart ngayon at maranasan mismo ang mga benepisyo ng naka-streamline na pamamahala ng healthcare!

Ito ay higit pa sa isang portal ng pasyente – daan mo ito patungo sa maginhawa, maa-acess na healthcare.

**Sa Nobyembre 5, 2024, maaari mong suportahan ang Asian Health Services upang protektahan at palawakin ang access sa pangangalagang pangkalusugan!**

**Mangyaring Bumoto ng OO sa Proposisyon 35** – Protektahan ang Access sa Healthcare Act of 2024. Sisiguraduhin ng Prop 35 ang patuloy na kita para sa mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kasalukuyang buwis sa mga kumpanya ng segurong pangkalusugan — nang hindi nagtataas ng mga buwis sa mga indibidwal — at inilalaan ang mga pondong ito upang protektahan at palawakin ang access sa pangangalaga para sa lahat ng taga-California kabilang ang Asian Health Services at ang aming mga pasyente.

VOTE

# 2024 PANGKALAHATANG HALALAN– PAGBOTO PARA SA ATING KALUSUGAN

Mahalaga ang pagboto! Ito ay mahalaga para sa kalusugan at kagalingan, para sa bawat isa sa atin gayundin sa mga nasa loob ng ating komunidad. Sa ika-5 ng Nobyembre, 2024, ang mga mamamayan ng U.S. at hindi bababa sa 18 taong gulang ay karapat-dapat na bumoto. Ang halalang ito ang magpapasya kung sino ang mamamahala sa ating lungsod, lalawigan, estado at bansa, kabilang ang ating pangulo.

***Ano ang maaaring maapektuhan ng mga halalan?***

Kapag bumoboto para sa mga halal na opisyal tulad ng miyembro ng konseho ng lungsod, Lupon ng Tagapangasiwa ng county, at gobernador, nagdedesisyon ka sa mga isyu tulad ng pagpopondo sa paaralan, abot-kayang pabahay, kalusugan ng isip, at pangangalaga sa kalusugan

Malaki ang itinaas ng mga Asian American, at may kapangyarihan tayo sa pagboto. Noong 2020, sa panahon ng halalan sa pagkapangulo, ang Asian American ang may pinakamalaking resulta sa pagtaas ng mga botante, na 15% o tinatayang 2 milyong karapat-dapat na botante, kumpara noong 2016. Ang populasyon na ito ay talagang may epekto kung ang lahat ng karapat-dapat na botante ay talagang bumoto sa halalan.

**Para makaboto, ang mga nakarehistrong botante sa California ay makakatanggap ng vote-by-mail ballot para sa Pangkalahatang Halalan sa ika-5 ng Nobyembre:**

- Ang opisina sa mga halalan ng inyong county ay magpapadala ng mga balota nang hindi lalampas sa Oktubre 07, 2024.
- Ang huling araw para magparehistro para makaboto sa Pangkalahatang Halalan na ito ay sa ika-21 ng Oktubre, 2024.
- Ang **deadline** ng kahilingan sa pagpapalit ng balota sa Vote-By-Mail ay sa ika-29 ng Oktubre, 2024.




**Mga Kwalipikasyon para Magparehistro para Makaboto**

**Para magparehistro para makaboto sa California, kailangan ikaw ay:**

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California *(QR code #1)*
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan
- Nakarehistro kung saan ka kasalukuyang nakatira
- Kasalukuyang hindi nakakulong sa bilangguan ng estado o pederal para pagsilbihan ang hatol sa mabigat na kasalanan *(QR code #2)*
- Kasalukuyang hindi nakitaan na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto ng isang korte *(QR code #3)*

**California Online Voter Registration:** *(QR code #4)*

SCAN ME #1 | SCAN ME #2 | SCAN ME #3 | SCAN ME #4

Ang Online na pagpaparehistro ng botante ay nagaalok ng 9 na wika: English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

**Para magparehistro online kakailanganin mo ang:**

- Lisensya sa iyong pagmamaneho sa California o numero ng California Identification card;
- Huling apat na digit ng numero ng iyong social security; at
- Petsa ng iyong kapanganakan.

**May mga Tanong ba o Gustong I-report ang Pandaraya?**

Tawagan ang Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683) o ang inyong opisina ng county sa mga eleksyon.

## ASIAN HEALTH SERVICES PATIENT GENERAL MEETING 2024

October 30th, 2024: 9:00 AM to 12:00 Noon
Oakland Asian Cultural Center (388 9th St Ste 290, Oakland, CA 94607)
Kung interesado kang sumali, mangyaring tumawag sa (510)735-3222



**On November 5, 2024, you can support Asian Health Services to protect and expand access to health care!**

**Please Vote YES on Proposition 35** – Protect Access to Healthcare Act of 2024. Prop 35 will secure ongoing revenue for critical health care services by extending an existing tax on health insurance companies —without raising taxes on individuals— and dedicating these funds to protect and expand access to care for all Californians including Asian Health Services and our patients.

VOTE

# 2024 GENERAL ELECTION – VOTING FOR OUR HEALTH

Voting matters for the health and well-being of our community! On November 5th, 2024, U.S. citizens 18 and older are eligible to vote. This election will decide who governs our city, county, state, and nation, including our next President.

***What do elections affect?***

Voting for officials like city council members, county supervisors, and the governor influences issues like school funding, affordable housing, mental health, and healthcare.

Asian Americans have grown significantly, and we have voting power. In 2020, during the presidential election, Asian Americans had the largest increase in voter turn-out, by 15% or about 2 million eligible voters, compared to 2016. This population can have an impact if all eligible voters vote in the election.

**For the November 5th, 2024 General Election:**

- Vote-by-mail ballots will be sent by October 7th.
- The last day to register is October 21st.
- The deadline to request a replacement ballot is October 29th.

**ons to Register to Vote**

**n California, you must be:**

citizen and a resident of California

n voters in the military or

scan QR code #1)

lder on Election Day

e you currently live

ving a state or federal prison term

*code #2)*

ly incompetent to vote by a court

**oter Registration:** *(QR code #4)*

stration provides 9 languages:

ndi, Japanese, Khmer, Korean,

hai, and Vietnamese.

**ou will need:**

river's license or California

d number

ts of your social security number

**Want to Report Fraud?**

State's Voter Hotline at (800)

//www.sos.ca.gov/elections/voting-

ctions-offices




**ASIAN HEALTH SERVICES PATIENT GENERAL MEETING 2024**

October 30th, 2024: 9:00 AM to 12:00 Noon
Oakland Asian Cultural Center (388 9th St Ste 290, Oakland, CA 94607)
If you are interested in joining, please call (510)735-3222

